# タガログ語版


# Pagpapapakilala Sa Paaralan Ng Japan

## Guide Para Sa Mga Dayuhang Tagapangalaga

Mie Prefectural Board of Education

# I-Sistema ng Edukasyon sa Japan

## 1-Mga Uri ng Pa-aralan




## 2-Ang Kabuuan ng Edukasyon

(1) Ang Kurikulum ( Nilalaman ng bawat Kurso o aralin)

Ang kurikulum ng edukasyon sa paaralan ay itinakda ng pambansang pamahalaan (Ministriya ng Edukasyon, Kultura, Isport, Agham at Teknolohiya.)

(2) Textbooks at mga aklat

Ang mga aklat na ginagamit sa pag-aaral ay ipinagkakaloob ng libre sa Elementarya at Sekondarya o Junior High School, gayun din sa mga Assisted Elementary at High School o school for handicapped. Ang mga libro na gagamitin sa Senior High School at iba pang

kagamitan para sa mga espesyal na pangangailangan sa edukasyon ay kinakailangang bilhin o bayaran.

(３) Suportang pangpinansiyal sa pag-aaral.


Maaaring makatanggap ng suportang pangpinansyal sa gobyerno para sa mga batang nag-aaral sa pampublikong paaralan, na may suliranin sa pagbabayad sa paaralan. Ngunit may mga kundisyon upang makatanggap nito. Maaaring magtanong o makipag-alam sa Departamento ng Edukasyon sa inyong lugar o sa Prefectural Board of Education sa prepektura na inyong tinitirhan.

# II Mga Pamamaraan sa pagpasok sa paaralan

## 1 Mga nararapat gawin sa pagrerehistro sa Elementary at Junior High School (Pagta-transfer)

(1) Paraan ng pagpaparehistro sa City Office.

Kinakailangan munang gawin sa Departamento ng Edukasyon sa City Office o yakusho ang pagrerehistro ng bata na papasok sa pampublikong elementraya at sekondarya.



(2) Pamamaraan para sa pagpasok sa Elementarya at Junior High School

Upang mapabuti ang buhay paaralan, ang impormasyon na katulad ng mga sumusunod ay pag-uusapan.

| | |
|---|---|
| ①． | **Pagkumpirma ng spelling at pagbigkas ng pangalan ng bata, petsa ng kapanganakan etc.** |
| ② | **Pangalan ng mga miyembro ng pamilya** |
| ③ | **Tirahan sa kasalukuyan.(Address)** |
| ④ | **Numero ng telepono sa oras ng emergency , lugar ng trabaho, tagapagpaliwanag (Interpreter))** |
| ⑤ | **Edukasyon na natanggap bago lumipat ng paaralan (kabilang ang bago at pagkatapos na dumating sa Japan) at mga kondisyon ng pag-aaral** |
| ⑥ | **Inilaang panahon ng paninirahan sa Japan ng tagapag-alaga (Guardians)** |
| ⑦ | **Kakayahan sa pagsasalita ng Hapon (anak at pamilya)** |
| ⑧ | **Personalidad ng bata at pangarap na kurso sa hinaharap.** |
| ⑨ | **Kalusugan( paulit-ulit na karamdaman, paningin, pandinig, alerdyi sa pagkain)** |
| ⑩ | **Sariling pang-uanawa ng bata at guardians tungkol sa edukasyon** |
| ⑪ | **Mga kahilingan sa paaralan o mga bagay na nais mong gawin ng paaralan para sa pag-aaral ng bata.(Kundisyones)** |

## 2 Paraan sa pagpasok (transfer) sa Senior High School

Kinakailangan kumuha ng entrance examination at maipasa ito upang makapasok sa Senior High School.(Mataas na paaralan kasunod ng Sekondarya o Junior High School) o Koutou Gakkou

## III-BuhayPaaralan

### 1 Ang isang araw sa paaralan

Pagpasok sa umaga.

Mananatili sa loob ng paaralan mula umaga hanggang hapon. Humingi ng permiso ng guro kung nais lumabas.

May itinakdang daan o ruta sa pagpasok sa umaga. Ang mga batang magkakalapit ay mag-iipon sa isang lugar at sabay sabay na papasok.
Maaari ring pumasok gamit ang bisikleta at Bus sa High School, ngunit kinakailangan ang permiso o pagrehistro sa paaralang papasukan.

Meeting sa umaga. ・・・Ipapaliwanag ng guro ang tungkol sa klase o mga dapat gawin sa maghapon. Pag-uusapan ng mga bata ang tungkol sa kanilang pag-aaral.

Klase

Ang schedule sa bawat grado at araw ay magkakaiba. May 45 minuto bawat klase o subject sa Elementarya at 50 minuto naman sa High School.

Ang tanghalian o School Lunch

May nakahandang pananghalian sa Elementarya at Assisted Education o school for handicapped. Sabay sabay na kakain ang mga bata sa paaralan kasama ang guro at mga kaklase. Kinakailangan naman ng baon para sa Sekondarya at Senior High School.(Koutou Gakkou)

Paglilinis

Ang mga mag-aaral ay responsable sa paglilinis ng silid aralan at sa loob at paligid ng paaralan.

Aktibidades Ekstra Kurikular

Sa Junior at Senior High Schools, pagkatapos ng klase (lessons) ang mga istudyante ay aattend sa extra curricular activities tulad ng sports o cultural clubs na kung saan sila ay miyembro.

Araw na walang pasok

Karaniwan ay walang pasok ang Sabado at Linggo.Ngunit may mga pagkakataon na sa Linggo o Sabado idinadaos ang ilang aktibidades tulad ng Sports Festivals at iba pa. Sa pagkakataong katulad nito ay ginagawang palit araw o walang pasok ang pangkaraniwang araw.

## 2 Ang isang taon ng Paaralan.

Abril ng bawat taon ang simula ng pasukan sa Japan at ito magtatapos sa susunod na taon sa buwan ng Marso. Nahahati sa tatlong semestre o three Grading Periods ang isang taon. Tignan ang mga sumusunod para sa main events at aktibidads ng bawat semestre.

※Ang halimbawa sa ibaba ay ang bagay na ginaganap sa loob ng tatlong semestre, mga aktibidades at programs., at kung kailan ito ginaganap. Nagkaka-iba ang mga schedule sa bawat paaralan.

### 【Unang Semestre（Mula Abril hanggang Hulyo)】

**Opening Ceremony** (Abril)

- Programa na ginaganap sa Abril
- Ginagawa din ito sa Ika 2 at ika 3 Semestre..

**Pagsukat sa taas at timbang ng pangangatawan at eksamin ng kalusugan**

- Ang paglaki ng mga bata ay susukatin sa pamamagitan ng pagtimbang ng bigat at pag sukat ng taas etc.
- Ang kondisyon ng pangangatawan at kalusugan ng mga bata ay eeksaminin ng manggagamot.

**Entrance Ceremony** (Abril)

- Ang pagsalubong at selebrasyon sa pagpasok ng mga mag aaral sa Grade 1.
- At tulad ng mga mag aaral sa Grade 1, ang magulang din ay dadalo sa entrance ceremony na gaganapin.

**Pagdalaw sa tahanan o Home Visitation**

- Kasama ang guro sa pagdalaw sa tahanan ng bawat mag-aaral upang alamin ang buhay ng mga bata sa tahanan.
- Indibidwal na pag-uusap ng mga magulang at guro ng paaralan tungkol sa mag-aaral at buhay sa tahanan.
- Ipapaalam ng maaga sa magulang ang pagdalaw ng guro sa tahanan bago ang takdang araw ng pagdalaw at pag-uusap.

**Pag-obserba sa klase at meeting ng magulang at guro**

- Ang magulang ay manonood o mag-obserba sa loob ng klase.
- May pagkakataon ang guardians na makipag-usap sa guro ng kanilang anak tungkol sa progreso ng bata.

**Closing Ceremony** (Hulyo)

- Programa sa pagtatapos ng Unang Semestre
- Bigayan ng report cards.
- Gaganapin din ang programang ito sa Ika 2 at Ika 3 semestre

### 【Summer Holiday (Katapusan ng Hulyo hanggang katapusan ng Agosto)】

- Mahabang bakasyon o summer vacation sa loob ng 35 hanggang 40 na araw.
- Walang klase at pasok sa panahong ito. May mga club activities at special lessons depende sa mga paaralan.

## 【Ika-2 Semestre (Septiyembre hanggang Disyembre)】

Sports Festivals at Athletic Meets

Programa o sports fest na may maikling distansya ng pagtakbo, relays, sayaw, na kung saan ang mga mag-aaral ay magpapaligsahan sa bilis at lakas upang sanayin sa pisikal na aktibidad. May mga paaralan maaaring makilahok sa isport ang mga magulang.

Emergency Training and Evacuation Drills

- Pag-eensayo o pagsasanay sa paghahanda para sa mga lindol at mga sunog.

Arts, Science at Culture Festivals

- Appreciation ng exhibits ng sining at craft, o ulat sa social studies, at mga presentasyon sa paggamit ng musical instruments, choir, ,dula-dulaan at iba pa.

Concert at mga stage play o pag-arte

- Masisiyahan at mag-eenjoy sa mga ipapresent na kanta at mga stage play sa pamamagitan ng pakikinig at panonood ng mga ito

## 【Winter Holiday bakasyon sa panahon ng taglamig (bandang katapusan ng Disyembre hanggang sa simula ng Enero)】

- Isang maikling bakasyon sa taglamig na humigit-kumulang sa 2 linggo.

## 【Ika 3 Semestre (Enero hanggang Marso)】

Graduation Ceremony (Marso )

- Isang seremonya sa pagtatapos o pagdiriwang sa pagtatapos ng mga mag-aaral sa pinakamataas na grado o level.

Closing Ceremony (Marso)

- Seremonya para sa pagtatapos ng huling Semestre at katapusan ng taon ng paaralan.

## 【Spring Holiday (Katapusan ng Marso hanggang sa simula ng Abril)】

- Ang spring holiday ay magsisimula matapos ang seremonya sa pagtatapos.Pagkatapos ng holiday, ang mga mag-aaral ay papasok sa susunod na grado at mag-sisimula ng isang bagong taon ng pag-aaral mula sa buwan ng Abril.

## 【 Mga School Events sa bawat Grade o Level】

School Trip:

- Karaniwan na ang mga higher grade at higher level sa High School at Junior High School ang nagpupunta sa School Trip. Dalawang araw na pagtigil sa hotel na tutuluyan.

- Pagbisita sa mga kilalang lugar at mga pangunahing mga istablisimiyento upang pag-aralan ang mga bagay bagay na matatagpuan dito.
- Ang mga gastusin sa Field Trip na ito ay babayaran ng magulang.

Pagsasanay sa mga trabaho ng mga mag-aaral sa High School o Job Training.

- Mga istudyante sa Second Year Junior High School ang karaniwang nagpupunta sa mga pagsasanay na ito.
- Mararanasan ng mga istudyante ang iba't ibang gawain o trabaho sa kanikanilang lugar katulad ng mga gawain sa mga super markets mga opisina na hindi mararanasan sa paaralan.

Field Trips at mga pagbisitang panglipunan.(Educational Visits)

- Ito ay aktibidad na kung saan ang mga mag-aaral ay lalabas ng paaralan at pag-aaralan ang mga bagay na makikita sa lugar na bibisitahin o pupuntahan. Ito ay maaring tungkol sa history at kultura at ang hangarin na makipag-ugnayan ang mga mag-aaral sa kalikasan.

### 3 Report Cards

Sa pagtatapos ng bawat semestre ay magkakaroon ng bigayan ng Report Cards. Dito ay nakasaad ang grado ng bata sa bawat subject. Pag-uusapan din dito ang tungkol sa buhay paaralan ng bata.

### 4 Rules and Regulations )Mga alituntunin at regulasyon

May iba't ibang mga patakaran at alituntunin sa bawat paaralan. May mga paaralan na may mga uniporme at may mga paaralan ding walang uniporme. Ipinagbabawal ng paaralan ang pagdadala ng mga bagay na hindi kinakailangan sa pag-aaral.

May mga itinakdang uniporme sa Sekondarya at Senior High School o Koutou Gakkou.Ipinagbabawal dito ang pagpapahid ng manicure at pagsusuot ng mga accessories o alahas katulad ng hikaw. Ipinagbabawal din ang pagdadala ng snack o sitsirya at ang pagkain nito sa loob ng paaralan.

### 5 Pagsingil sa mga bayarin

Walang bayad ang matrikula sa elementarya at sekondarya (Public schools) ngunit kinakailangang bayaran ang school lunch ( Ito ay mula ¥3,500-¥4,500 ) kinakailangan ding bayaran ang mga gamit na gagamitin sa pag-aaral. Sa bawat katapusan ng buwan ay makakatanggap ng report of expenses at ito ay sisingilin minsan sa isang buwan.

### 6 Ang Kalusugan at Kaligtasan ng mga mag-aaral

Ang kalusugan at kaligtasan ng mga mag-aaral ay itinuturing na unang priyoridad. Binibigyan ng pang-unang lunas o first aid ang batang nasugatan sa loob ng paaralan o pagkakaroon ng biglaang pagkakasakit (mild illness) tulad ng sipon o sakit ng tiyan sa school clinic. May pagkakataon din na dadalhin sa ospital ang bata kung kinakailangan. Sa ganitong pagkakataon ay tatawagan ang magulang at ipapaalam ang pangyayari. Bilang pagsunod sa batas ay mayroon ding idinadaos na Health Check-up sa bawat paaralan upang malaman ang kundisyon ng kalusugan ng mga mag-aaral

## IV-Konsultasyon sa Edukasyon

### 1 Konsultasyon sa paaralan tungkol sa edukasyon.

Ang paaralan sa Japan ay nagbibigay ng oportunidad (Home Visitations at meetings) para sa mga magulang o tagapag-alaga na makausap ang guro at mapag-usapan ang tungkol sa kanilang mga anak..

### 2 Mga konsultasyon bukod sa pag-aaral.

Sa mga pampublikong paaralan sa elementarya at sekondarya ay maaari lamang na tumawag o sumangguni sa opisina ng Komiti ng Edukasyon sa inyong lugar. Para sa mga Prefectural Schools ay sumangguni o tumawag sa Prefectural Board of Education.

Ito ay bukas mula Lunes hanggang Biyernes, mula alas-9:00 ng umaga hanggang alas-2:00 ng hapon. May konsultasyon sa salitang Portuguese

Mie Prefectural Board of Education Consultations（Portuguese）

TEL：059-224-3150